


ANG MGA KARAPATAN NG PASYENTE



Paunang Salita

Ang mga karapatan ng pasyente ay bahagi ng karapatan sa kalusugan, na isang batayang karapatang pantao. Ito ay mahalagang kilalanin, igalang at isakatuparan bilang hakbang sa pagtatamasa ng buhay na may dignidad at pagpapahalaga sa buhay ng tao.

Naniniwala ang Medical Action Group (MAG) na susi sa pagtamasa ng mga karapatang ito ang magkaroon ng tamang kaalaman at sapat na impormasyon upang ang mga karapatang ito ay maisakatuparan ayon na rin sa mga umiiral na batas at patakaran.

Umaasa ang MAG na ang babasahing ito ay makatulong sa pagpapalaganap ng pagkilala at paggalang sa mga Karapatan ng Pasyente at sa mga Alituntunin nito. Ito nawa'y makapagbahagi hindi lamang ng kaalaman ngunit pati na rin pamamaraan kung paano ang karapatang pangkalusugan ay maipatupad para sa kagalingan ng lahat.

Magsilbi din sana itong praktikal na gabay sa bawat isa sa pag-alam sa mga programang pangkalusugan ng pamahalaan ganundin kung paano maidudulog ang mga hinaing o mungkahi hinggil sa hindi tamang pamamalacad o kakulangan sa pagpapatupad ng mga serbisyo't programang ito.

Ang sampung (10) Karapatan ng mga Pasyente na nakatala sa komiks na ito ay hango mula sa DOH Administrative Order 2017-0061 (Official Version of Patient's Rights), na isinalin sa Filipino at nakabase sa DOH Department Memorandum 2017-0061 (Adoption of the Filipino Translation of the Patient's Rights). Ang pagsasalin ay nakatuon lamang sa buod ng mga dokumentong nabanggit at pagbibigay ng interpretasyon at paglalarawan ng MAG.

Layon nitong ipaunawa sa mga mambabasa (pasyente man o pamilya niya, o tagapagbigay ng serbisyonng medikal at ng publiko) na ang mga Karapatan ng Pasyente, ay hindi lang obligasyon ng pamahalaan na ipatupad bagkus responsibilidad ng lahat na kilalanin, pahalagahan at isabuhay.

Nagpasasalamat ang MAG sa DKA Austria sa tulong at suporta upang mailimbag at mapalaganap ang babasahing ito.

Maraming Salamat.



Nemuel S. Fajutagana, MD, MHPEd
Tagapangulo
Medical Action Group, Inc.

MGA KARAPATAN NG PASYENTE

Hinihikayat namin kayong maging bukas sa pakikipag-usap sa inyong tagalaan ng serbisyong pangkalusugan, makibahagi sa inyong mapipiling paggamot, at maprotektahan ang inyong kaligtasan sa pamamagitan ng pagiging maalam at nakikisangkot sa inyong kalusugan.

1. May karapatan kang tumanggap ng mapagsaalang-alang, magalang at matulunging health care sa ligtas na lugar anuman ang iyong edad, sex, kasarian, relihiyon, etnisidad, kasapiang politikal, kapansanan, o kakayahang makapagbayad, na malaya sa lahat ng anyo ng pang-aabuso, kapabayaang, o maling pagggagamot.
2. May karapatan kang mabigyan ng mahusay na doktor at maipaalam ang mga pangalan ng lahat ng kasapi ng health care team na kwalipikadong susuri, gagamot, at magbibigay ng payong medikal. Gayundin, mayroon kang karapatang malaman ang iyong bayarin sa ospital at doktor, at makatanggap ng impormasyon hinggil sa posibilidad na tulong pinansyal.
3. May karapatan kang ipaalam sa miyembro ng iyong pamilya o sa sinuman at sa iyong napiling doktor ang iyong admisyon sa ospital.
4. May karapatan kang magkaroon ng kasama sa iyong pananatili habang nasa ospital maliban kung nakokompromiso nito ang karapatan, kaligtasan, o kalusugan mo o ng iba.
5. May karapatan kang isagawa ang iyong espiritwal at kultural na paniniwala na umaayon sa kakayahan at mga tuntunin ng ospital.
6. May karapatan kang malaman at makapagbigay ng pahintulot bago ang anumang prosidur o pamamaraan na di-emergency o pagsasaliksik/ eksperimento o tanggihan ang naturan.
7. May karapatan ka sa pagiging pribado at kumpidensyal ng iyong ulat medikal alinsunod sa batas gayundin sa mga diskusyon sa pangangalaga, eksaminasyon at pagggagamot, at ang karapatang makita o mabigyan ng kopya ng ulat medikal maliban kung ang natukoy na ulat ay di-pinahihintulutan ng batas.
8. Maaari kang humiling ng kasama habang isinasagawa ang pisikal na eksaminasyon.
9. May karapatan kang katawanin ng iba upang magpasiya para sa iyo kung hihingiin ng pagkakataon.
10. May karapatan kang magtanong at malaman ang proseso ng pagrereklamo at ipahayag ang mga hinaing nang walang takot sa igaganting-paratang o paghihiganti. Ikaw ay hinihikayat na direktang makipag-usap sa tagalaan ng serbisyong pangkalusugan na nangangalaga sa iyo.

Kung may mga isyung di-naaayon sa iyo, o kung nais mo ang tulong ng sinumang di-direktang sangkot, kausapin ang kawani ng Ugnayang Pampasyente o Direktor ng Ospital.

Kung ang mga nabanggit sa itaas ay hindi kasiya-siya, maaari kang magsampa ng pormal na hinaing sa sumusunod na ahensiya:


DOH- Regional Office _____

Department of Health- Central Office
Health Facilities & Services Regulatory Bureau
(02) 711-6982
(02) 651-7800 local 2500-2512, 2525-2527, 2528,
2529

Opisyal na salin ng: Komisyon sa Wikang Filipino


**Batay sa Department of Health Administrative Order No. 2017-0061*

1. MAY KARAPATAN KANG TUMANGGAP NG MAPAGSAALANG-ALANG, MAGALANG AT MATULUNGING HEALTH CARE SA LIGTAS NA LUGAR ANUMAN ANG IYONG EDAD, SEX, KASARIAN, RELIHIYON, ETNISIDAD, KASAPIANG POLITIKAL, KAPANSANAN, O KAKAYAHANG MAKAPAGBAYAD, NA MALAYA SA LAHAT NG ANYO NG PANG-AABUSO, KAPABAYAAN, O MALING PAGGGAGAMOT.



2. MAY KARAPATAN KANG MABIGYAN NG MAHUSAY NA DOKTOR AT MAIPAALAM ANG MGA PANGALAN NG LAHAT NG KASAPI NG HEALTH CARE TEAM NA KWALIPIKADONG SUSURI, GAGAMOT, AT MAGBIBIGAY NG PAYONG MEDIKAL. GAYUNDIN, MAYROON KANG KARAPATANG MALAMAN ANG IYONG BAYARIN SA OSPITAL AT DOKTOR, AT MAKATANGGAP NG IMPORMASYON HINGGIL SA POSIBILIDAD NA TULONG PINANSYAL.

SA EMERGENCY ROOM NG ISANG OSPITAL.




NAKU, DOC WAG NIYO NA PO I-ADMIT ANG ANAK KO, WALA PO KAMING PAMBAYAD.

MISIS, HUWAG PO KAYONG MAG-ALALA, ANG PAMPUBLIKONG OSPITAL AY TUMUTULONG SA MGA INDIGENT NA KAGAYA NINYO. NAKATATANGGAP PO BA KAYO NG 4PS?



AY OPO DOC. MERON PO KAMI NYAN. PERO MAY MGA KAPITBAHAY DIN PO KAMI NA MAHIRAP DIN PERO DI NAKATATANGGAP NG 4PS. PWEDE RIN PO BA SILA?




ANG ATIN PONG OSPITAL AY PAMPUBLIKO AT TUMUTULONG SA MGA INDIGENT NA TULAD NIYO UPANG MAKAPAGKONSULTA SA ISANG DOCTOR AT MAIPALIWANAG SA INYO ANG INYONG SAKIT AT TAMANG PAG-INOM NG GAMOT NANG WALANG BAYAD.

OPO, DAHIL MERON TAYONG POLISIYA NA NBB (NO BALANCE BILLING POLICY), NA NAGSASABING ANG MGA INDIGENTS NA NA-CONFINE SA ISANG PAMPUBLIKONG OSPITAL AY WALANG BABAYARAN NA ANUMAN.

SO HINDI PO SAKOP NITO ANG PAGPAPAKONSULTA SA PRIVATE?

PAANO PO' YUN?



HINDI PO EH. MALIBAN PO DITO, MAY IBA PANG PROGRAMANG PANGKALUSUGAN ANG OSPITAL NA TUMUTULONG SA MGA PASYENTENG NANGANGAILANGAN.

MAAARI PO KAYONG LUMAPIT SA AMING SOCIAL WORKER AT DOON PO AY IPAPALIWANAG SA INYO ANG KINAKAILANGANG DOKUMENTO AT PROSESONG DADAANAN.

3. MAY KARAPATAN KANG IPAALAM SA MIYEMBRO NG IYONG PAMILYA O SA SINUMAN AT SA IYONG NAPILING DOKTOR ANG IYONG ADMISYON SA OSPITAL.

DUMATING ANG PASYENTE SA HOSPITAL NA ANG KASAMA LANG AY ANG KANILANG KAPITBAHAY.

WALA BANG KASAMANG KAMAG-ANAK YUNG DUMATING NA PASYENTE?

DOKTORA, YUNG KAPITBAHAY LANG PO ANG NAGDALA RITO



KUYA, NARIRING NIYO PO BA AKO? AKO SI DR. YVONNE. NASAAN PO ANG INYONG PAMILYA? KASI KAILANGAN NILANG MALAMAN NA NANDITO KATO SA OSPITAL.

MALAYO PO, NASA DAVAO PO MGA MAGULANG AT MGA KAPATID KO. PARA SAAN PO BA AT HINAHANAP NIYO SILA?



KAILANGAN PO NAMING MAIPAALAM ITO SA SINUMANG GUSTO NIYONG SABIHAN NG INYONG KONDISYON

HUWAG NA DRA. BUKOD SA MALAYO, WALA RIN PO SILANG PAMASAHE PAPUNTA RITO SA MAYNILA



ITO PO AY KUNG SAKALING MAY MGA DESISYON NA KAILANGANG GAWIN SA INYONG KALAGATAN AT MAKATULONG SILA SA INYONG KINAKAILANGAN.

'YUNG KAPATID NA LANG PO NG NANAY KO SA QUIAPO ANG ITEXT NYO. PAKISABI NALANG PO NA NASA ER AKO NG OSPITAL AT NAKA-CONFINE. SALAMAT PO DRA YVONNE.



4. MAY KARAPATAN KANG MAGKAROON NG KASAMA SA IYONG PANANATILI HABANG NASA OSPITAL MALIBAN KUNG NAKOKOMPROMISO NITO ANG KARAPATAN, KALIGTASAN, O KALUSUGAN MO O NG IBA.

SA ISANG PAMPUBLIKONG OSPITAL NA DAGSA ANG MGA PASYENTE SA WARD. ANG MATANDANG NANAY LANG NG PASYENTENG SI DARWIN ANG NAGBABANTAY SA KANYA

NAY, WALA NA PO BA KAYONG IBANG KAMAG-ANAK NA PWEDENG MAGBANTAY DITO SA OSPITAL?



YUN ISA KONG ANAK NA LALAKI, KASO SA BULACAN NA SYA NAKATIRA.

KASI NAY, PWEDÉ NAMAN PO NA MAYROON KASAMANG BANTAY ANG PASYENTE DITO SA OSPITAL KAYA LANG PO HINDI MAGANDA SA INYO ANG KAPALIGIRAN NG OSPITAL. BAKA PO MAHAWAAN KAYO NG SAKIT DITO.



AY AYOKONG IBA ANG MAGBANTAY SA AKIN DITO, GUSTO KO NANAY KO LANG.

NALAMAN NG IBA PANG KAPATID NI DARWIN NA SYA AY NA-ADMIT SA OSPITAL. NAG-ALALA ANG MGA ITO DAHIL MATANDA NA RIN ANG KANILANG INA PARA MAG-ALAGA.

SANA NAINTINDIHAN MO RIN ANG KALUSUGAN NG NANAY MO. SOBRANG TANDA NA NIYA AT MAHINA NA RIN ANG RESISTENSYA. BAKA SA HULI MAGKASAKIT NA RIN SIYA DAHIL LAGI SIYANG EXPOSED SA MARAMING TAO NA MAY SAKIT.

DARWIN, AKO NA LANG MAGBABANTAY SA IYO DITO KASI BAKA MAGKASAKIT DIN SI NANAY SA PAGBANTAY SAYO

SIGE NA NGA, BASTA DADALAWIN PA DIN AKO NI NANAY DITO HA.

BASTA GUSTO KO LANG ANG NANAY KO.

PWEDÉ KA NAMANG DALAWIN NG NANAY MO. PERO DAPAT ANG MAGBABANTAY SA'YO AT YUNG MALAKAS ANG RESISTENSYA.

OO, PINAPAYAGAN NAMAN NG OSPITAL ANG PAGDALAW SA PASYENTE, BUKOD SA MAYROON TALAGANG KASAMANG NAGBABANTAY SA'YO.




5. MAY KARAPATAN KANG ISAGAWA ANG IYONG ESPIRITWAL AT KULTURAL NA PANINIWALA NA UMAAYON SA KAKAYAHAN AT MGA TUNTUNIN NG OSPITAL.

NAKO, AYOKO MAGPACONFINE SA OSPITAL, PWEDE BANG ILABAS NIYO NA AKO? BALITA KO KAY PARENG ENO, HINDI RAW NIYA MAISAGAWA ANG PAGDARASAL NIYA DITO SA OSPITAL.



HINDI MAAARI YUN. AYON SA BATAS, DAPAT MAY ESPASYO SA MGA OSPITAL NA NAKALAAAN PARA SA PAGSASAGAWA NG MGA ESPIRITWAL O KULTURAL NA GAWAIN - KASAMA NA RITO ANG LUGAR NA MAAARING PAGDASALAN



AH, GANON BA. KAYA NAMAN HINDI NILA AKO MAAARING PIGILAN ANO?



OO, HINDI NILA DAPAT BINABALEWALA 'YAN. ISA PA, DAPAT LAHAT NG ASPETO AY NIRERESPETO NILA - PAGKAIN MAN 'YAN, DAMIT O IBANG PANGANGAILANGAN. HALIMBAWA, SA MGA KAPATID NATING MUSLIM, DAPAT ALAM NG DOKTOR ANG KULTURA NA KAPAG BABAE ANG PASYENTE, AY KAILANGAN DING BABAE ANG DOKTOR O GRUPO NG MANGGAGAMOT.



E PAANO PO KAPAG MGA KATUTUBO?



DAHIL MAY SARILING PARAAN NG PANGGAGAMOT ANG MGA KATUTUBO, KAILANGANG MATUTONG RESPETUHIN NG MGA NASA OSPITAL ANG KANILANG MGA PANINIWALA, HABANG IPINALILIWANAG KUNG ANO ANG PARAANG MEDIKAL NA MAAARI NILANG GAWIN DITO.



6. MAY KARAPATAN KANG MALAMAN AT MAKAPAGBIGAY NG PAHINTULOT BAGO ANG ANUMANG PROSIDYUR O PAMAMARAAN NA DI-EMERGENCY O PAGSASALIKSIK/ EKSPERIMENTO O TANGGIHAN ANG NATURAN.

SA ISANG HOSPITAL WARD, NAG-IKOT ANG DOKTOR AT KINAKAUSAP ANG MGA PASYENTE...

MAGANDANG HAPON PO TAY. KAMUSTA PO KAYO?

SIGE PO 'TAY, PAPAALITAN KO SA NURSE YUN ININOM MONG GAMOT. 'TAY, GUSTO KO RIN PO SANANG MAGPAALAM SA INYO NA DADALHIN KO RITO YUNG MGA RESIDENTENG DOKTOR BUKAS PARA I-PRESINTA ANG INYONG SAKIT AT YUNG GAMOT NA ININOM NIYO. PANDAGDAG KAALAMAN SA KANILANG PAGSASANAY BILANG DOKTOR.

DOK, KANINANG UMAGA NAGSUKA AT NAHIHILO PA RIN AKO MASKI UMINOM NA AKO NG GAMOT.

AYOKO PO SANA DOK. NAHIHIRAPAN NA PO KASI AKO NANG KAKASUKA.



OK LANG PO KUNG HINDI KAYO PAPAYAG, WALA PONG PROBLEMA SA AMIN TAY.

SA KABILANG KAMA NG PASYENTE.

MEDYO MABUTI NA PO DOK. NAKAKAKAIN NA PO AKO NANG MAAYOS AT HINDI NA SUMASAKIT ANG AKING TIYAN.

NAY, KAMUSTA NA PO KAYO, ANO NA PONG NARARAMDAMAN NYO?

MAINAM NAMAN AT MEDYO GUMINHAWA NA PAKIRAMDAM NYO. NAY, PAPAYAGAN NYO PO BA KUNG IPRESINTA KO YUN SAKIT NYO SA AKING MGA ESTUDYANTE? PUPUNTAHAN PO NAMIN KAYO ULIT BUKAS PARA MAKITA RIN NILA KAYO.

OK LANG PO DOK. WALA NAMAN PO SILANG GAGAWIN SA AKIN?

Hahaha, WALA NAY, IPAPAKITA KO LANG DIN KASI SA KANILA YUN ITSURA NG BALAT NYO NA EPEKTO NG GAMOT SA INYO. SIGE PO, BUKAS NA LANG ULIT NAY.



MAKALIPAS ANG ILANG ARAW NA PAMAMALAGI NILA SA OSPITAL, NAKALABAS NA RIN SI JUNJUN, AT KASAMA NIYA ANG KANYANG KAPATID. KINAMUSTA SIYA NG INA NI TOTO NA KANILANG KAPITBAHAY.

OH, JUNJUN. KAMUSTA KA NAMAN? ANONG GINAWA SA'YO NG DOKTOR? MUKHANG MALALA ANG SUGAT MO NOONG NAKARAAN AH.



HINDI KO PO ALAM EH. HINAYAAN KO LANG SI DOC.

PERO KAHIT NA, DAPAT MERON KA PA RING IBANG PAGPIPILIAN. ALAM MO DAPAT ANG IBA PANG MGA PAMAMARAAN NA PWEDENG GAWIN.

HA? IBIG SABIHIN HINDI KA MAN LANG KINONSULTA?

MAY TIWALA NA PO AKO KAY DOC. WALA RIN NAMAN PO AKONG ALAM DOON EH.

AY OPO, NASABI NAMAN PO NI DOK. PINAGKUMPARA PA PO NIYA ANG BAWAT ISA KUNG ALIN ANG MAS MAGANDA, KASAMA NA ANG MGA POSSIBLENG EPEKTO NIYO KAY JUNJUN.



BUTI NAMAN, KAHIT WALA KANG ALAM, DAPAT AY BINABAHAGI AT IPINALILIWANAG PA RIN ITO NG DOKTOR AT NURSE SAYO. SA HULI, DAPAT NAINTINDIHAN MO ANG MGA POSSIBLENG PAMAMARAAN AT IKAW ANG MAMILI KUNG ANO ANG GUSTO MONG GAWIN SA'YO.

NAGTANONG LANG PO AKO KAY DOKTOR TUNGKOL SA MGA GAGAWIN TAPOS IPINALIWANG NAMAN NIYA SA AKIN.

TAMA LANG, DAHIL YAN AY PARTE NG PAGSIGURO NA KASAMA ANG PASYENTE SA PAGPILI NG MGA GAGAWIN SA KANYA. KAPAG MAY IBA KANG KAKILALA NA NAG-AALANGANG MAGPACHECK-UP, SABIHIN MO SA KANILA 'WAG MAHIITYANG MAGTANONG DAHIL KARAPATAN NILA IYAN.



7. MAY KARAPATAN KA SA PAGIGING PRIBADO AT KUMPIDENSYAL NG IYONG ULAT MEDIKAL ALINSUNOD SA BATAS GAYUNDIN SA MGA DISKUSYON SA PANGANGALAGA, EKSAMINASYON AT PAGGAGAMOT, AT ANG KARAPATANG MAKITA O MABIGYAN NG KOPYA NG ULAT MEDIKAL MALIBAN KUNG ANG NATUKOY NA ULAT AY DIPINAHIHINTULUTAN NG BATAS.

DAHIL NAGTATRABAHO ANG ANAK NA SI TOTO, KAILANGAN SA TRABAHO NILA NA MAGPASA NG MEDICAL CERTIFICATE O KATIBAYAN NG KANYANG PAGKAKASAKIT AT PAGKAKAOSPITAL PARA MAIKONSIDERA NG KANIYANG KOMPANYA SA SICK LEAVE. PUMUNTA SIYA SA RECORDS SECTION NG OSPITAL PARA HUMINGI NITO.

MAAARI PO BANG MAKAHINGI NG RECORDS NG ANAK KO? PARA LANG PO SA TRABAHO NIYA.

NAKO MOMMY, PASENSYA NA PO PERO HINDI NIYO PO PWEDE MAKUHA ANG RECORDS NG ANAK NIYO. SIYA LANG PO ANG MAAARING KUMUHA, O KUNG MAY DALA PO KAYONG KAUTUSAN MULA SA KORTE. KUNG PARA NAMAN PO SA TRABAHO, MAAARI PO NAMIN KAYONG BIGYAN NG MEDICAL CERTIFICATE.

AY, GANON BA? NAKALAGAY NA RIN BA ROON KUNG BAKIT SIYA NAOSPITAL?

OPO, NAKALAGAY PO ROON PERO HINDI ANG BUONG DIAGNOSIS NIYA. PARA RIN PO ITO SA KAPAKANAN NG PASYENTE KUNG SAKALING GAMITIN LABAN SA KANYA ANG MGA MEDICAL RECORDS NIYA.

AHH, GANON BA. SIGE, SAAN KO BA MAKUKUHA YAN?

MAAARI PO KAYONG MAGREQUEST SA DOKTOR NA TUMINGIN SA INYO. MINSAN PO AY MAY KAUKULANG BAYAD ITO, AT DAPAT AY MAIBIGAY AGAD MAKALIPAS ANG ILANG ARAW.

SIGE, MARAMING SALAMAT IHA.

8. MAAARI KANG HUMILING NG KASAMA HABANG ISINASAGAWA ANG PISIKAL NA EKSAMINASYON.

NAPAGKUWENTUHAN NINA REGINE AT NG KANYANG MGA KAOPISINA ANG TUNGKOL SA MGA KARANASAN NILA SA OSPITAL...

AYAW MAGPA CHECK-UP NG KAKILALA KO KASI NAHIHIYA RAW SIYA SA DOKTOR. MAY HALONG TAKOT AT HIYA DAHIL YUNG BUKOL AT NASA BANDANG PWETAN.



NOONG NAGPA-CHECK-UP AKO, SINAMAHAN AKO NG NANAY KO KASI SABI NAMAN NG NARS, PWEDE NAMAN DAW KAMING DALAWA ANG PUMASOK, KAYA ISINAMA KO NA SI NANAY. PROTEKSYON DIN YUN NG PASYENTE, PATI NA RIN NG DOKTOR, KUNG SAKALING MAY MAGREKLAMO SA KANILA.



AHH, SIGE AT LEAST ALAM KO NA ANG PWEDENG GAWIN. SASABIHAN KO NA LANG YUNG KAKILALA KO.



9. MAY KARAPATAN KANG KATAWANIN NG IBA UPANG MAGPASIYA PARA SA IYO KUNG HIHINGIIN NG PAGKAKATAON.

NAGPATULOY ANG KANILANG KWENTUHAN PATUNGKOL SA IBA PA NILANG KARANASAN SA OSPITAL. IKINUWENTO NAMAN NG KASAMA NIYA KUNG PAANO MAYROONG HIWALAY NA TAGAPAGPASYA ANG KANYANG KAIBIGAN DAHIL MAY KONDISTYON ITONG NAKAHAHADLANG PARA MAKAPAGDESISTYON SA KANYANG SARILI.

BAKA NAMAN P'RE OKAY SIYA NOONG PANAHONG IYON?

'YUNG KAIBIGAN KO NAMAN, GRABE. NOONG ISANG BESES NA NA-COMATOSE YUN, HINDI NA SIYA MAKAPAGSALITA O MAKAUSAP, ANG ASAWA NA NYA ANG NAGDESISTYON SA GAGAWIN. PERO EWAN KO BA, NOONG MAY ISASAGAWA NAMAN KAY MISIS NA OPERASYON, HINDI NAMAN AKO KINONSULTA.



OO EH, MAY MALAY SIYA, AT ALAM NIYA ANG NANGYAYARI.



AY, KAYA NAMAN PALA. KAPAG MGA GANOONG PAGKAKATAON, TALAGANG ANG PASYENTE MUNA ANG IKOKONSULTA MALIBAN NALANG KUNG WALANG MALAY ITO, O SA TINGIN NG DOKTOR EH WALA SIYA SA KAKATANANG MAGPASYA.



10. MAY KARAPATAN KANG MAGTANONG AT MALAMAN ANG PROSESO NG PAGREREKLAMO AT IPAHAYAG ANG MGA HINAING NANG WALANG TAKOT SA IGAGANTING-PARATANG O PAGHIHIGANTI. IKAW AY HINIHIKAYAT NA DIREKTANG MAKIPAG-USAP SA TAGALAAN NG SERBISYONG PANGKALUSUGAN NA NANGANGALAGA SA IYO.

HINDI NAGING MAAYOS ANG PAKIKITUNGO NG MGA EMPLEYADO NG OSPITAL SA MGA KAMAG-ANAK NI RACHELLE...

PWEDE NIYO YUN IREKLAMO. SA MGA OSPITAL, MERON SILANG MGA PAMAMARAAN PARA BIGYAN NG MARKA ANG SERBISYO NA INYONG NATATANGGAP. MERON DING MGA DESK NA PWEDE NIYONG LAPITAN PARA MAGSUMBONG.

PERO DI NA KAMI NAKAPAGSUMBONG EH, MASYADO PANG ABALA SA ORAS TSAKA BAKA MAGALIT YUNG HEALTH PROFESSIONAL SA AMIN.



PERO DAPAT AY NIREREPORT NIYO ANG MGA GANOONG PAGKAKATAON, DAHIL YUN ANG NAKATUTULONG SA PAGPAPABUTI PA SA OSPITAL. PWEDE KAYONG TUMAWAG SA DOH O SA 8888 PARA MAS MAISAAYOS PA ANG KANILANG SERBISYO.

SIGE SA SUSUNOD DI NA KAMI MAG-AALINLANGAN NA MAGSABI SA NAKATATAAS, PARA RIN NAMAN PALA SA MGA PASYENTE YUN.



Kung may mga isyung di-naaayon sa iyo, o kung nais mo ang tulong ng sinumang di-direktang sangkot, kausapin ang kawani ng Ugnayang Pampasyente o Direktor ng Ospital.

Kung ang mga nabanggit sa itaas ay hindi kasiya-siya, maaari kang magsampa ng pormal na hinaing sa sumusunod na ahensiya:

DOH- Regional Office No.

**Department of Health- Central Office
Health Facilities & Services Regulatory Bureau
(02) 711-6982
(02) 651-7800 local 2500-2512, 2525-2527, 2528, 2529**

Inilathala ng:



No. 20 Road 9, Barangay Project 6,
1100, Quezon City, Philippines
+632-3-454-75-13; +632-8-273-46-09
Email address: mag.1982@magph.org
Website: www.magph.org

Sa tulong ng:



Patnugutan
Edeliza P. Hernandez
Mercidita de Joya
Rachelle Quintero

Ilustrasyon
Jobert Cruz